CALIFORNIA
High-Speed Rail Authority

# SEKSYON NG PROYEKTO MULA SAN FRANCISCO PATUNGONG SAN JOSE

ABISO NG PAGHAHANDA 2016
PAGBUO AT PAGTASA NG MGA ALTERNATIBO
PAGKILALA SA MGA KINIKILINGANG ALTERNATIBO
PAGHAHANDA NG DRAFT EIR/EIS NG MGA ALTERNATIBO
PAMPUBLIKONG PAGSUSURI NG DRAFT EIR/EIS 2020
NIREBISA/KARAGDAGANG DRAFT EIR/EIS 2021
PAGHAHANDA NG PINAL NA EIR/EIS
PAGTINGIN NG PUBLIKO SA PINAL NA EIR/EIS
PAGPAPATUNAY PAG-IISYU NG R.O.D. 2022

## PANGKALAHATANG KAALAMAN

Ang koridor ng tren sa pagitan ng San Francisco at San Jose ay sumasailalim sa isang pagbabago. Sa isang makasaysayang kasunduan noong 2012, ang Caltrain at ang California High-Speed Rail Authority (tatawaging Awtoridad) ay nagkasundo na isailalim sa elektripikasyon ang kasalukuyang koridor ng Caltrain, pagbahaginan ang mga daanan ng tren, at panatilihin ang koridor bilang pangunahing riles na may dalawang daanan ng tren. Ang plano na pagbahaginan ang mga daanan ng tren para sa parehong komyuter ng rehiyon at ng mga sistema ng napakabilis na tren ng estado ay tinukoy bilang Blended System.

Kasunod ng napagkasunduan noong 2012, ang Caltrain ay nabigyan na ng pahintulot para sa kapaligiran at sa ngayon ay bumubuo na ng isang sistema ng Caltrain na de-kuryente (dagdagan ang kaalaman sa Calmod.org) habang tinatapos ng Awtoridad ang proseso ng pagsusuri ng kapaligiran na kakailanganin upang makapagdagdag ng serbisyo ng napakabilis na tren sa koridor.




Sa bandang huli, ang Salesforce Transit Center ay magsisilbi bilang terminus para sa napakabilis na tren sa San Francisco.

*Litrato ni Pelli Clarke, Pelli Architects, sa kagandahang-loob ng Transbay JPA*

## CLEARANCE NA PANGKAPALIGIRAN AT PROSESO NG PAG-APRUBA SA PROYEKTO

Ang layunin ng Ulat sa Epekto sa Kapaligiran/Pahayag sa Epekto sa Kapaligiran (Environmental Impact Report/Environmental Impact Statement, EIR/EIS) ng Awtoridad ay suriin ang mga pakinabang at epekto sa paglulunsad ng napakabilis na tren sa pagitan ng San Francisco at San Jose at ilarawan kung paano maiiwasan, mababawasan, o mapapagaan ang mga epekto ng proyekto.

Ipinapakita ng EIR/EIS ang pagsusuri ng dalawang alternatibo sa proyekto, kasama ng opsyon na hindi magtatayo. Ang mga alternatibo ay binuo sa loob nang nakaraang dekada sa pamamagitan ng ekstensibong pagtutulungan ng lokal na komunidad at ng ahensiya, sa mga pagpupulong ng mga kasosyo, at mga opinyon ng publiko. Isinasama sa Pinal na EIR/EIS ang mga komentong natanggap mula sa paglalabas sa publiko ng Draft EIR/EIS noong Hulyo 2020 at ng Nirebisa/Karagdagang Draft EIR/EIS noong Hulyo 2021.

Ang Pinal na EIR/EIS ay inihanda ng Awtoridad bilang pangunahing ahensiya ng California Environmental Quality Act (CEQA) at bilang pangunahing ahensiya sa ilalim ng National Environmental Policy Act (NEPA) para sa proyekto ng napakabilis na tren alinsunod sa 23 U.S.C. 327. Pagkatapos ng paglalabas ng Pinal na EIR/EIS, pag-aaralan ng Lupon ng mga Direktor ng Awtoridad ang pag-apruba sa Tala ng Desisyon (Record of Decision, ROD), kagaya ng iniaatas ng NEPA, at ang Abiso ng Desisyon o Pagpapasiya, kagaya ng iniaatas ng CEQA. Ito ang kukumpleto sa proseso ng pagsusuri sa kapaligiran. Ang pinal na disenyo at konstruksyon ay maaaring magsimula kapag ang pondo ay nakuha.



Ang mga napakabilis na tren ay patatakbuhin sa blended system kasama ang Caltrain, na kasamang ginagamit ang mga riles sa Seksyon ng Proyekto mula San Francisco hanggang San Jose.

### Manatiling Kasangkot

1. Tumanggap ng mga update sa email: **hsr.ca.gov/contact**
2. Bisitahin ang website ng Awtoridad: **hsr.ca.gov**
3. Bisitahin ang **MeetHSRNorCal.org** para sa mga mapagkukunan ng impormasyon
4. May mga tanong? Tawagan kami sa **800-435-8670** o mag-email sa **san.francisco_san.jose@HSR.ca.gov**

# MGA SINURING ALTERNATIBO

CALIFORNIA High-Speed Rail Authority

### Mga Katangian ng Alternatibo A

- M Opsyong Silangan na Pasilidad para sa Magaan na Pagmementina
- Walang Karagdagang Daraanan na mga Riles

### Mga Katangian ng Alternatibo B

- M Opsyong Kanluran na Pasilidad para sa Magaan na Pagmementina
- May Karagdagang Daraanan na mga Riles


### Mga Operasyon Kaugnay ng Napakabilis na Tren

| INISYAL NA OPERASYON<br>Bilis: 79 mph | GANAP NA OPERASYON<br>Bilis: 110 mph |
|---|---|
| 2 na tren kada pinaka-abalang oras, kada direksyon | 4 na tren kada pinaka-abalang oras, kada direksyon |

### Legend

- Seksyon ng Proyekto mula San Francisco patungong San Jose
- Mga Istasyon ng HSR
- Seksyon ng Proyekto mula San Jose patungong Merced
- Downtown Rail Extension (DTX, Ekstensyon ng Tren sa Downtown)

Interaktibong Mapa
Pumunta sa: MapHSRNorCal.org/SanFrancisco-SanJose/




**Mga Modipikasyon Kaugnay ng Kaligtasan**

Mga At-Grade Crossing:
- Mga Four-Quadrant Gate
- Pagtuklas ng mga Pumapasok nang Walang Pahintulot
- Median Channelization

Pagbabakod ng Perimeter

Ang mga Alternatibo A at B para sa Seksyon ng Proyekto mula San Francisco patungong San Jose ay malawakang magpapatakbo ng mga serbisyo sa loob ng kasalukuyang right-of-way ng Caltrain sa pagitan ng Istasyon ng 4th & King Street sa San Francisco at sa Istasyon ng San Jose Diridon. Kabilang sa parehong alternatibo ang mga sumusunod:

- Tatakbo ang Caltrain at mga napakabilis na tren sa mga pinagbahaginang daanan ng tren
- Konstruksyon ng isang Pasilidad para sa Magaan na Pagmementina sa Brisbane.
- Pagtutuwid ng mga kurbada sa mga daanan ng tren upang mapahintulutan ang mas higit pang bilis
- Mga modipikasyon sa kasalukuyang mga istasyon ng Caltrain.
- Paglalagay ng mga pagpapabuti para sa pagpapaigting ng kaligtasan sa koridor ng riles ng tren at mga tore para sa komunikasyong pang-radyo.

Ang mga pangunahing pagkakaiba sa pagitan ng dalawang alternatibo ay ipinapakita sa ibaba.

### Alternatibo A


- Tinukoy bilang Preferred Alternative ng Lupon ng mga Direktor ng Awtoridad.
- Pasilidad para sa Magaan na Pagmementina sa silangan ng koridor ng Caltrain.
- Walang karagdagang daraanan na mga riles.

### Alternatibo B


- Pasilidad para sa Magaan na Pagmementina sa kanluran ng koridor ng Caltrain.
- Anim na milya ng mga karagdagang daraanan ng riles ng tren sa pagitan ng mga lungsod ng San Mateo at Redwood City.

## MGA ISTASYON NG NAPAKABILIS NA TREN

- Sa ilalim ng parehong alternatibo, ang mga istasyon ng napakabilis na tren ay nakaplano sa 4th & King Street sa San Francisco (hanggang sa magawa na ang koneksyon papuntang Salesforce Transit Center), sa Millbrae-SFO, at sa San Jose Diridon. Ang lahat ng tatlong istasyon ay sasailalim sa mga pagpapabuti upang masuportahan ang napakabilis na tren, kabilang ang mga modipikasyon para sa mga kasalukuyang daanan ng tren at mga plataporma.



Disenyo ng Millbrae-SFO Station



Uri ng Disenyong RSP

- **Sa San Francisco,** ang Salesforce Transit Center (SFTC) ang magiging kanlurang terminus ng sistema. Ito ay ikokonekta sa kasalukuyang koridor ng tren sa pamamagitan ng proyektong Downtown Rail Extension (DTX):
  - Ang DTX ay nabigyan na ng pahintulot para sa kapaligiran at ipinatutupad na ng Transbay Joint Powers Authority. Ang DTX ay hindi sinusuri sa EIR/EIS.
  - Pinaplano ng Awtoridad na gamitin ang Salesforce Transit Center sa oras na mapapatakbo na ang DTX.
  - Ang Istasyon ng 4th & King ay sinusuri bilang isang pansamantalang terminus sa EIR/EIS upang mapatakbo ang serbisyo ng napakabilis na tren sa San Francisco hanggang sa makumpleto ang DTX.
- **Sa Millbrae,** dalawang opsyon ng disenyo ng istasyon ang sinuri: (1) ang Disenyo ng Millbrae-SFO Station na kasama sa Draft EIR/EIS (2020) at (2) ang Uri ng Disenyong Reduced Site Plan (RSP) na kasama sa Nirebisa/Karagdagang Draft EIR/EIS (2021). Sa pamamagitan ng pag-alis ng mga surface parking lot sa kanlurang panig ng istasyon, mga pagbabago sa lane patungong El Camino Real, at isang ekstensyon sa California Drive sa hilaga ng Linden Avenue — pati na rin ang paglipat ng bulwagang pasukan ng napakabilis na tren— binabawasan ng Uri ng Disenyong RSP Design Variant ang laki ng istasyon upang mabawasan ang mga kahirapan sa pagitan ng kasalukuyan at pinlanong pagpapaunlad.

  Hindi binabago ng Uri ng Disenyong RSP ang Mas Ninanais na Alternatibo.

## PASILIDAD PARA SA MAGAAN NA PAGMEMENTINA (Light Maintenance Facility, LMF)

Ito ay isang pasilidad kung saan ang mga tren ay nililinis, siniserbisyuhan at itinatabi upang maitustos sa mga terminal ng istasyon ng napakabilis na tren sa pagsisimula ng araw. Ang mga Alternatibo A at B ay parehong mayroong isang LMF sa Brisbane (alinman ng sa silangan o kanluran bahagi ng mga daanan).

## MGA BLENDED NA OPERASYON KASAMA ANG CALTRAIN

- Ang Caltrain at ang serbisyo ng nakapakabilis na tren ay magpapatakbo ng isang blended timetable para sa parehong komyuter at serbisyo sa mga lungsod.
- Ang mga napakabilis na tren ay gagamit ng katulad na mga daanan at de-kuryenteng imprastrakturang gaya ng sa Caltrain
- Mayroong ilang bahagi ang Caltrain na may apat na daanan ng tren kung saan maaaring daanan ng tren ang bawat isa. Ang mga karagdagang daraanan na mga riles (sa Alternatibo B) ay makakapagbawas ng konting panahon lamang sa pagbiyahe para sa mga napakabilis na tren subalit hindi naman kailangan upang makamit ang iniaatas na kapasidad upang mapatakbo ang blended system.
- Sinusuportahan ng napakabilis na tren ang mga pagsusumikap ng Caltrain na magplano para sa pag-unlad sa hinaharap.

# Mga Akronim, Pagdadaglat, at mga Pangunahing Kataga

CALIFORNIA High-Speed Rail Authority

**At-grade.** Isang paghahanay sa lebel ng daanan.

**Awtoridad.** California High-Speed Rail Authority: Ahensiya ng estado na responsable para sa pagpaplano, pagdidisenyo, pagtatayo, at pagpapatakbo ng unang sistema ng napakabilis na tren sa US.

**Blended.** Isang sistema ng riles na pagbabahaginan sa pagitan ng dalawa o higit pang mga operator (halimbawa, riles ng napakabilis na tren at Caltrain).

**CEQA.** California Environmental Quality Act: Isang batas sa California na nag-aatas sa estado at sa mga lokal na ahensiya na tukuyin ang mahahalagang epekto sa kapaligiran ng kanilang mga aksyon at upang maiwasan o mabawasan ang mga naturang epekto, kung maisasagawa.

**Dokumentong pang-kapaligiran.** Pinagsamang dokumentong EIR/EIS.

**EIR.** Ulat ukol sa Epekto sa Kapaligiran (Environmental Impact Report): Isang dokumento na iniaatas ng CEQA para sa ilang mga partikular na aksyon na maaaring magresulta ng mga makabuluhang epekto; inilalarawan nito ang mga epekto ng, at ang iminumungkahing mitigasyon para sa isang iminumungkahing proyekto.

**EIR/EIS ng Programa mula Bay Area patungong Central Valley.** Ang EIR/EIS ng Programa, na napagpasiyahan sa pagitan ng 2008 at 2012, ang nagtukoy ng koridor na magkokonekta ng riles na magseserbisyo sa napakabilis na tren sa San Francisco peninsula kasama ang koridor ng Central Valley na tinukoy ng EIR/EIS ng Programa ng Buong Estado.

**EIR/EIS ng Programa ng Buong Estado.** Pinal na EIR/EIS ng Programa para sa Iminumungkahing Sistema ng Napakabilis na Tren sa California: Ang dokumentong ito, na inilabas noong 2005, ay nagtukoy na ang isang sistema ng napakabilis na tren ang preferred alternative upang matugunan ang mga pangangailangan sa pagbiyahe sa mga lungsod sa hinaharap at naglatag ng daan para sa karagdagang pagsusuri ng paghahanay at mga lokasyon ng istasyon.

**EIS.** Pahayag ukol sa Epekto sa Kapaligiran (Environmental Impact Statement): Isang dokumentong iniaatas ng NEPA para sa ilang mga partikular na aksyon na makabuluhang makaka-apekto sa kalidad ng kapaligiran ng tao; inilalarawan nito ang mga epekto sa kapaligiran ng isang iminumungkahing aksyon.

**EJ.** Hustisya sa Kapaligiran: Patas na pagtrato sa mga tao ng lahat ng lahi, kultura, at mga kita ukol sa pagpapaunlad, pag-aangkop, implementasyon, at pagpapatupad ng mga batas, mga regulasyon, at mga patakaran sa kapaligiran.

**FRA.** Federal Railroad Administration: Ahensiyang pederal na nagsasaayos ng pagbibiyahe ng pasahero at kargamento sa US sa pamamagitan ng tren.

**LMF.** Pasilidad para sa Magaan na Pagmementina (Light Maintenance Facility): Isang pasilidad kung saan ang mga tren ay nililinis, siniserbisyuhan at itinatabi upang maitustos sa mga terminal ng istasyon ng napakabilis na tren sa pagsisimula ng araw.

**Muling ipinamahaging dokumento.** Ang Nirebisa/Karagdagang Draft EIR/EIS.

**Nakatuon.** Isang imprastraktura na eksklusibong gagamitin ng mga napakabilis na tren.

**NEPA.** National Environmental Policy Act: Isang batas pederal na nag-aatas sa mga ahensiya na suriin ang mga epekto sa kapaligiran ng kanilang mga panukalang aksyon bago magdesisyon. Ang pagsusuri sa kapaligiran, konsultasyon, at iba pang mga aksyon na iniaatas ng mga pederal na batas sa kapaligiran para sa proyektong ito isinasagawa o isinagawa ng Estado ng California sang-ayon sa 23 U.S.C. 327 at isang Kasunduan sa Pagkakaintindihan na may petsang Hulyo 23, 2019 at ipanatutupad ng Federal Railroad Administration at ng Estado ng California.

**NOA.** Pabatid ng Pagkakaroon (Notice of Availability): Anunsiyo na ang isang dokumento ukol sa kapaligiran ay maaari nang basahin.

**NOD.** Pabatid ng Desisyon (Notice of Decision): Ang pinakahuling hakbang sa prosesong pang-kapaligiran.

**NOI.** Pabatid ng Nilalayon (Notice of Intent): Isang pormal na pag-aanunsiyo na nilalayong ihanda ang isang EIS; ang unang hakbang sa proseso ng NEPA.

**NOP.** Pabatid ng Preparasyon (Notice of Preparation): Isang dokumento na nagsasabi na ang EIR ay ihahanda para sa isang partikular na proyekto; ang unang hakbang sa proseso ng CEQA.

**Pagdidike (Embankment).** Isang istrakturang pangunahing yari sa lupa na nag-aangat ng mga daanang riles ng tren sa ibabaw ng lupa.

**Preferred Alternative.** Ang napagpasiyahang alternatibo na siyang pinakamahusay na makapagbabalanse ng mga pagpapalitan sa pagitan ng mga posibleng epektong pang-kapaligiran o pang-komunidad at sa paggana ng sistema ng napakabilis na tren pati na ang mga salik na may kaugnayan sa gastos sa isang batayang dulo-hanggang-dulo.

**ROD.** Ulat ng Desisyon (Record of Decision): Ang pinakahuling hakbang sa prosesong pang-kapaligiran.

**ROW.** Right-of-Way: Mga lupaing reserbado upang magamit para sa mga riles ng tren.

**Uri ng Disenyong Reduced Site Plan (RSP).** Isang naiibang opsyon para sa Millbrae-SFO Station na inilarawan sa muling ipinamahaging dokumento. Habang ang uri ng Disenyong RSP ay gumagamit ng parehong paghahanay ng riles at disenyo ng plataporma gaya ng sa Disenyo ng Millbrae-SFO Station, inire-reconfigure sa Uri ng Disenyong RSP ang mga pasilidad, paradahan ng sasakyan, at akses, na binabawasan ang mga epekto sa mga karatig na pagpapaunlad.

INI-UPDATE HUNYO 2022

